Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Filipino

**IKAAPAT NA MARKAHAN-MODYUL 3**

**Mga Bumuo ng Modyul**
Manunulat: WINDE P. GUIRON

Tagaguhit:
Mga Tagasuri ng Nilalaman: RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
Tagasuri ng Wika: RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG

Tagapamahala:
**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER G. RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

# Aralin 2 — Talata: Sipiin / Sariling Karanasan: Iugnay

## Inaasahan

*Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:*

1. Nasisipi nang wasto at maayos ang mga talata. ***(F3PU-IVa-e-1.5)***
2. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. ***(F3PB-IVc-1)***

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin ang pangungusap at bilugan ang letra ng tamang sagot batay sa iyong karanasan bilang bata.

1. May pagsusulit kayo kinabukasan. Pinayuhan ka ng iyong nanay na magbalik-aral sa iyong mga leksiyon. Alin sa mga sumusunod ang nararapat mong gawin?
   A. Basahin ulit ang mga leksiyon.
   B. Patayin ang TV para hindi makapanood.
   C. Magtanong sa mga kaklase ng mga isasagot.
   D. Matulog nang maaga para hindi mahuli sa pagpasok.

2. Nakita mo ang iyong kaklase na nangongopya sa katabi. Ano ang gagawin mo?
   A. Gagayahin ko siya.

B. Hindi ko siya pakikialaman.
C. Sasabihin ko sa katabi ko na nangongopya siya.
D. Pagsasabihan ko siya na mali ang pangongopya.

3. Pinagbabawalan ka ng iyong nanay na lumabas dahil sa panganib ng *Covid 19*. Ano ang gagawin mo?
   A. Susundin ko ang aking nanay.
   B. Makikipaglaro na lang sa mga kaibigan.
   C. Pakikiusapan ang nanay na palabasin ako.
   D. Magmamakaawa ako na payagang lumabas.

4. Ang sakit na *Covid 19* ay mabilis na makahawa. Lahat ng sumusunod ay dapat gawin **maliban** sa isa.
   A. Pagsusuot ng *face mask* at *face shield* tuwing makikisalamuha sa mga tao
   B. Pakikipag-usap ng malapitan sa mga tao
   C. Pagkain ng masusustansiyang pagkain
   D. Palagiang paghuhugas ng kamay

5. Sipiin ang sumusunod na talata. Isulat sa loob ng kahon.

Bawat bata ay may pangarap sa buhay. Isa sa mga karapatan ng bata ang makapag- aral. Kaya dapat ang mga bata ay nakakatamasa ng kalidad na edukasyon na libre na handog ng ating pamahalaan. Sa pamamagitan nito, tiyak na maaabot nila ang kanilang pangarap.

---

**_Rubric_ sa Pagsipi ng Talata**

| 5 puntos | 4 puntos | 3 puntos | 2 puntos |
|---|---|---|---|
| Nakapasok ang unang pangungusap | | | |
| Nagsimula sa malaking letra ang unang salita ng bawat pangungusap | | | |
| Nabaybay nang wasto ang mga salita na ginamit sa talata | | | |
| Nagamit nang tama ang angkop na bantas | Nasunod ang apat na pamantayan | Nasunod ang tatlong pamantayan | Nasunod ang dalawa o isang pamantayan |
| Nagkaroon ng espasyong (margin)isang pulgada sa kaliwa at kalahati sa kanan | | | |

## Balik-Tanaw

**Panuto**: Piliin at bilugan ang kambal-katinig at diptonggo na makikita sa pangungusap.

1. Nagbiyahe patungong Tsina ang nanay ko.

---

2. Si Maria ang panganay na anak ng prinsipal.
3. Masyadong mataas ang presyo ng hikaw.
4. Anong araw ka pupunta sa probinsiya?
5. Nakita sa ibabaw ng mesa ang plorera.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Basahin ang seleksyon sa ibaba.

### Laging Handa

ni *Anna Marielle Badillo*

"May paparating na bagyo…"

Ito ang natandaan ni Roy na narinig niya mula sa radyo.

Hindi nagtagal, nakita niya si Mang Kiko, ang kaniyang tatay na may dalang lubid at martilyo. Sinigurado niyang maayos ang kanilang bubungan.

Si Aling Melba na kaniyang nanay ay abala sa pag-aayos ng malaking bag. Pagsilip ni Roy sa loob nito, nakita niya ang iba't ibang klase ng pagkain, damit, mga gamot at isang *flashlight*.

Si Kuya Romy ang naglinis at naghanda ng mga boteng lalagyan ng tubig. Pumunta naman si Ate Beth sa tindahan at bumili ng baterya ng radyo at *flashlight*.

Dumating ang gabi. Lumakas ang ihip ng hangin. Nakatulugan na ni Roy ang pakikinig sa malakas na patak ng ulan.

Kinaumagahan, walang kuryente. Mataas ang tubig sa labas. Ngunit sa kanilang gripo, walang tubig.

"Buti na lang laging handa si tatay," ang nasabi ni Roy sa kaniyang sarili.

Batay sa iyong karanasan sa mga bagyong dumaan, anong paghahanda ang ginawa ninyo? Piliin at sipiin ang talata mula sa kuwentong binasa na may katulad sa ginawa ninyong paghahanda.

________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Alam mo ba?

Sa pagsipi ng talata, dapat na may pasok o indensyon sa pasimula ng talata. Ang pasok o indensyon ay isang pulgada mula sa palugit (*margin*) kung sulat-kamay o limang espasyo kung makinilyado. Dapat may espasyo *(margin)* sa gawing kanan ng papel, hindi sagad sa dulo, kalahati ng sukat ng palugit sa gawing kaliwa, hindi kasama ang pasok o indensyon.

## Gawain 1

**Panuto:** Punan ang mga patlang para makumpleto ang talatang binasa at sagutin ang mga tanong.

Ang kagubatan ay isa sa ating mga likas na yaman. Para mapanatili ang kasaganaan nito, kailangang magtulungan ang pamahalaan at mga mamamayan upang mapangalagaan ang yamang–gubat sa bansa. Ang pagtatanim ng mga punongkahoy ay dapat suportahan ng bayan. Dapat ding ipatupad nang mahigpit ang batas sa pagbabawal sa pagputol ng mga punong kahoy.

| |
|---|
| Ang kagubatan ay isa sa ating mga ___________ na yaman. Para _________ang kasaganahan nito, kailangang magtulungan ang __________ at mga mamamayan upang mapangalagaan ang yamang –gubat sa ____________. Ang pagtatanim ng mga _____________ ay dapat suportahan ng bayan. Dapat ding ________ nang mahigpit ang batas sa pagbabawal sa pagputol ng kahoy. |

Mga tanong:

1. Ano ang masamang dulot sa atin ng pag-aabuso sa ating kagubatan?
   ___________________________________________________

2. Sa anong paraan ka makatutulong sa pangangalaga sa ating kagubatan?
   ___________________________________________________

## Gawain 2

**Panuto**: Basahin nang mabuti ang talata. Sipiin ito at isulat sa loob ng kahon. Gamitin ang *rubric* sa pahina 3 bilang gabay sa paggawa.

Buo na ang desisyon ni Doding Daga. Gusto niyang subukan ang buhay sa siyudad para naman maiba. Baka doon magbabago ang buhay niya. Kinuha niya ang maliit na lagayan ng damit at nag-umpisang maglakad.

-hango sa kuwentong *Doon na Lang* ni *Gracielo Chiara D. Badillo*

## Gawain 3

**Panuto**: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa talata. Iugnay ang iyong karanasan bilang bata sa pamamagitan ng isang tula, poster, sanaysay, kanta o rap. Pumili lamang ng isa.

Bawat bata ay may pangarap. May mga batang nais maging doktor, pulis, nars, o kaya guro. Ibig sabihin, lahat ng bata ay dapat na nag-aaral dahil karapatan nilang magkaroon ng edukasyon. Sa ganitong paraan, tiyak na maabot nila ang kanilang pangarap sa buhay.

## Tandaan

Sa pagsipi ng talata, kailangang isaalang-alang ang pagsulat nang maayos nito. Dapat nakapasok ang unang pangungusap at may sapat na espasyo o *margin*. Ang baybay ng mga salita ay dapat wasto. Ang paggamit ng malaking letra sa pagsisimula ng bawat pangungusap at angkop na bantas ay dapat ding isaalang-alang.

Maiuugnay naman natin ang ating karanasan sa binabasang teksto kung uunawain ang ating binabasa.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Paano sinisipi ang talata?
Paano mo maiuugnay ang iyong sariling karanasan sa binasang teksto?

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang talata at ikuwento mo ang kahalintulad na karanasang nakasaad sa teksto. Isulat ito nang patalata.

Simula nang magkaroon ng pandemya *sa Covid 19*, nagbago na ang takbo ng buhay ng bawat isa. Kung dati, tayo ay nakapamamasyal sa mga parke, *mall*, sinehan at iba pang pasyalan, ngayon ay hindi na. Pinagbabawalan ang lahat na gumala para maiwasan ang pagkakahawaan. Pati ang pag-aaral ng mga bata

____________________________________________________________
ay naiba na rin ang sistema. Kung dati, nagyayakapan ang magkakamag-anak at magkakaibigan kapag nagkikita-kita, ngayon ay bawal na ang ganitong paraan. Kailangan kasing may *social distancing*. Nakaka-*miss* na ang ganitong nakasanayan. Sana ay bumalik na sa normal ang lahat.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Susi sa Pagwawasto

| Unang Pagsubok | Balik-Tanaw | Gawain 1 |
|---|---|---|
| 1. A | 1. Tsina , nanay | 1. likas |
| 2. D | 2. panganay, principal | 2. mapanatili |
| 3. A | 3. presyo, hikaw | 3. pamahalaan |
| 4. B | 4. araw , probinsiya | 4. Bansa |
| | | 5. puno |
| | 5. ibabaw, plorera | 6. ipatupad |

## Sanggunian

https://www.slideshare.net/Tempesthorne/talata

https://wrksheetmm.netlify.app/posts/38-klaster-worksheet-grade-4-pictures

Filipino 3 LM